My Forever Family NSW

Nurture Belonging



SIMULAN ANG IYONG PAGLALAKBAY BILANG TAGAPAG-ALAGA SA PAMAMAGITAN NAMIN

My Forever Family NSW

Nurture Belonging

TAGAPAG-ALAGA

SUPORTANG LINYA NG TELEPONO

1300 782 975

Lunes hanggang Biyernes 9nu – 5nh

TAGAPAG-ALAGA

SUPORTA

enquiries@myforeverfamily.org.au

May lugar ba sa iyong puso at tahanan upang tulungang mabago ang buhay ng isang bata?

Sa ngayon, hindi sapat ang bilang ng mga tagapag-alagang kumukupkop (foster carers) upang alagaan ang mga batang nangangailangan sa buong New South Wales. Sa madaling salita, kailangan namin ng mas maraming mga tagapag-alaga para sa lahat ng uri ng pangangalaga.

Mayroong uri ng pangangalaga na angkop sa iyong pamilya.

Pangangalaga sa emerhensiya: Isang pansamantalang matutuluyan para sa mga bata kung kailangan muna ang isang ligtas na lugar na matitirhan.

Pag-aalaga upang makapagpahinga (Respite care): Ang mga tagapag-alaga upang makapagpahinga (respite carers) ay paminsan-minsang nag-aalaga ng mga bata upang makapagpahinga ang kanilang mga regular na tagapag-alaga.

Pangangalaga na panandalian: Ang mga tagapag-alaga na panandalian ay nag-aalaga ng mga bata habang naghahanda ang kanilang mga pamilya na maiuwi sila sa bahay.

Mga nag-aampong mga magulang at guardian: Kapag ang mga bata ay hindi maaaring bumalik sa bahay, ang pag-aampon o pagkakaroon ng guardian ay nagbibigay sa kanila ng kaligtasan at katatagan na kailangan nila upang umunlad.

Naghihintay sa iyo ang isang natatanging komunidad.

Ang programang My Forever Family NSW ay nagbibigay ng patuloy na suporta, payo at pagsasanay para sa lahat ng kumukupkop na tagapag-alaga (foster carers), mga guardian at nag-aampong mga magulang.

Bisitahin ang aming website upang malaman ang higit pa.

www.myforeverfamily.org.au

Tumulong sa pagbabago. Maging isang tagapag-alaga.